

# 1

“Why are you here, Andrade?” Hindi man lang natinag si Rafael sa tono ni Don Manuel. Matagal nang may alitan ang kanilang pamilya dahil magkatunggali sila sa negosyo.

Namamayagpag ang *Sanchez Enterprise* sa computer business bago dumating ang *Andrade Communications* sa Manila. Sa Manhattan nakabase ang huli bago nagdesisyong mag-branch out sa Pilipinas. Ikinagalit iyon ng matandang Sanchez dahil hindi lang nahati ang kliyente nito, halos wala pang natira.

“I came to discuss a business proposition.” Prenteng-prente pa siya sa pagkakaupo sa upuan ng opisina nito.

“Hindi ako interesado,” mariing sabi ng don. “Maaari ka nang umalis,” pagtataboy pa nito.

Tumaas ang kilay ni Rafael. Alam na alam niyang nalulugi na ang negosyo ng kausap. At wala ito sa lugar para pagmalakihan siya.

“Kahit na sabihin kong merging ang ipinunta ko rito?” Noon lang nag-angat ng tingin ang matanda,

na sa tantiya niya ay nasa sesenta anyos na ang edad.

“Hindi ko ipagbibili ang kompanya ko kahit na magkano,” matigas na sabi nito.

Nag-research na siya sa background nito. Tulad ng kasabihan, hindi siya sumusugod sa laban nang walang sandata.

“Hindi mo kailangang ipagbili sa akin ang kompanya mo.”

Alam kong namana mo pa ito sa mga ninuno mo at ikaw ang nagpalago nito. What I’m going to offer you is much better. I’m sure you won’t say no.” Tuwid niyang tiningnan ang matanda. He was only twenty-nine, twice younger than the man in front of him. Pero hindi siya nagpakita ng sindak dito.

Interesadong napatingin ito sa kanya saka nagtanong, “Ano naman iyon? Deretsahin mo na ako.”

Napangiti si Rafael sa sinabi nito. Kung hindi kailangang isugal ang kompanya, kahit na ano ay kakagatin ni Sanchez.

“I met your daughter in New York. She’s studying in NYU, right?”

Napakunot ang noo nito. “Ano ang kinalaman ni Amber sa pakikipag-usap mong ito sa akin?”

“I want her,” maiksi pero desididong pahayag ni Rafael.

Hindi agad nakasagot ang matanda sa sinabi niya. Mayamaya ay napahalakhak ito. “Matalino ka talaga, Andrade. Gusto mong mapasaiyo ang nag-iisang anak ko para sa ’yo na rin ang aking kompanya, ganoon ba?”

“Think of it this way, Don Manuel. Nalulugi na ang negosyo mo, at alam kong sinanay mo si Amber sa marangyang buhay. Sino ang mamamalakad sa *Sanchez Enterprise* sa pagreretiro mo? It would take a long time to train your daughter. Kung magkakasundo tayo, rest assured na ibibigay ng *Andrade Communications* sa kompanya mo ang suportang kailangan nito. Hindi ka malulugi sa pagsasanib na ito since *we* are an international company,” mahinahong paliwanag niya.

Hinimas ng don ang baba nito na tila nag-iisip. “Hindi ko kayang pangunahan ang anak ko sa ganyang bagay.”

Napangiti si Rafael. Amber would do anything for her father. Dahil bukod sa takot ito sa magiging epekto ng pagsuway sa kalusugan ng ama, malaki rin ang paggalang nito sa don. Nasanay man ito sa marangyang buhay, hindi ito lumaki sa layaw.

Masunurin ito, maganda at matalino, gaya ng laging ipinagmamalaki ni Sanchez sa business associates nito.

“Kung gano’n ay wala na tayong dapat pang pag-usapan, Manuel.” Nagkunwa siyang aalis na ngunit pinigilan siya nito. Pinindot nito ang intercom at kinausap ang sekretarya.

“Minda, magpasok ka ng kape dito,” maawtoridad na utos ng don. “How do you like your coffee?” baling nito sa kanya.

“Black,” tugon ni Rafael.

“Two black coffee,” anito sa sekretarya.

Pagkababa ng telepono, marahang pinasadahan ng matandang Sanchez ng tingin si Rafael. Guwapo ang binata. Maikli ang tabas ng buhok nito na bumagay sa pangahang mukha, giving him that commanding look and enhancing his air of arrogance.

He had piercing eyes. But there was gentleness in them too. Manuel could swear he saw it in Rafael’s eyes when he mentioned Amber’s name. Mataas ang lalaki, sa tantiya niya ay six footer ito at halatang alaga sa workout ang katawan.

“You are staring, Don Manuel,” pansin ni Rafael

sa matanda. Hindi iyon nakaligtas sa kanya.

“Ano naman ang intensyon mo sa unica hija ko? Gusto ko ang proposal mo pero ayokong ilagay sa alanganin ang anak ko. Nag-iisa kong anak iyon at matanda na ako. Gusto kong masiguro na magiging masaya siya, maiwan ko man siya.” May palagay na ito sa *proposal* ni Rafael.

Naiintindihan niya ang pag-aalala ng matanda. Huminga siya nang malalim bago nagpaliwanag. Mahaba pa ang naging pag-uusap nila. Nang lumabas sila ng opisina nito, nakangiti na ito at nakaakbay pa sa kanya.

“Pabayaang mo at ako na ang bahala,” nakangiting sabi ni Don Manuel. Napangiti na rin siya.

“Aasahan ko ’yan,” sabi ng binata bago tuluyang tumalikod.

He first saw Amber in a party. She looked so young, so vibrant and so beautiful. He just knew then that he got to have her. It was just his luck that she happened to be the daughter of a most respected business rival.

---

“Amber, let’s go. The party will be over before we

get there!” tawag ng best friend niya na si Melrose. Galing din sa isang buena familia ang dalaga. At gaya niya, ipinatapon din ito sa Amerika para matutunan ang pagmamalakad sa negosyong iha-handle nito pagdating ng panahon.

“Sandali, konting blusher na lang,” sagot niya. Pakiramdam niya ay malayang-malaya siya. Noong nasa Pilipinas siya, feeling ni Amber ay nakakulong siya dahil sa kahigpitan ng ama.

Kaya nang mapunta sa New York, lahat ng hindi niya nagawa sa Manila ay ginagawa na niya. Alam niya ang kanyang limitasyon. Sa bagay na iyon ay walang dapat ipag-alala ang kanyang ama. Bahagya siyang nalungkot nang maisip ito. Manuel Sanchez would give her all that his money could buy, puwera lang ang kalayaan niyang magdesisyon para sa sarili.

“Girl, hindi mo na ’yan kailangan. You are drop dead gorgeous already. Halika na.” Wala na siyang nagawa nang hilahin nito palabas ng apartment.

Amber noticed the tall guy standing near the bar the moment her eyes adjusted to the dim light.

*Yummy*, bulong niya sa isip. He was every inch the hunk that filled her dreams.

Nagulat siya nang kalabitin ni Melrose. “That’s

Rafael Andrade. Ultra rich, doubly handsome and very much available. Parang nakikinita ko nang maraming babaeng magpapakalinta ngayong gabi,” she meaningfully said.

“Andrade? As in *Andrade Communications*? ’Yung may television station, computers and—”

“Yes, that’s him. Ang mahigpit ninyong kalaban sa negosyo.”

Kunot ang noong napatingin siya sa lalaki. Nagkataong nakatingin din ito sa direksyon nila. He met her inquiring look with a piercing gaze. Amber shivered involuntarily and hastily looked away. He emanated power as if every fiber of his being was made of it.

“Amber, here!” Nakita niya ang kaway ni Terrence. Bago niya itong *conquest*, using Melrose’s term. An instant flirty smile played on her lips. She made her way to the crowd.

Nagsalubong ang mga kilay ni Rafael. The woman looked like she stepped out of a fashion magazine. She was wearing an evening gown that hugged her body like a second skin, leaving nothing to the imagination. She seemed unaware that she was drawing every man’s attention to herself. Maging

ang kumaway na lalaki rito ay parang luluwa na ang mga mata sa pagkakatingin sa babae. Nagtagis ang mga bagang niya.

“Hi there, Terrence!” bati ni Amber sa binatang dayuhan. Namimilog ang asul nitong mga mata sa pagkakatingin sa kanya. Amused na kinindatan niya si Melrose. Gumanti ng isang ngisi ang dalaga.

Asikasong-asikaso si Amber ng binata buong gabi. Maingay at nagkakasiyahan ang lahat. Medyo malabo na rin ang tingin niya sa mga tao dahil sa dami ng nainom niya. Ilang beses niyang nahuli na kunot-noong nakatingin sa kanya mula sa di-kalayuan si *Rafael*, ang katunggali umano nila sa negosyo. Sandaling nagpaalam siya sa mga kasama na pupunta sa comfort room upang makaiwas kahit saglit sa nakakapasong tingin nito.

She was almost there when somebody blocked her way.

“Dance with me, baby.” The man was big. Sa pagkabigla ay hindi agad nakapagsalita si Amber. Maharot na sumayaw sa harapan niya ang lalaki. Kinawit nito ang baywang niya.

“Hey, hands off!” Inis na itinulak niya ito pero hindi siya nito pinakawalan. Pareho silang nagulat



nang may tumapik sa balikat nito. Matigas ang ekspresyon ni Rafael Andrade.

“Let her go,” utos nito sa matatag na tinig.

“Screw you! Who are you?” galit na sabi ng dayuhan. Agad umigkas ang kamao nito na nasalag naman ni Rafael. Kasabay ng paghila nito sa kamay niya, pinatamaan nito ng kamao ang bastos na lalaki.

Naghiyawan ang mga tao nang bumulagta ang lalaki. Hindi matiyak ni Amber kung dahil malakas ang pagkakasuntok ni Rafael, o talagang lasing na ang dayuhan kaya nakatulog ito agad sa isang suntok lang.

“At ikaw, bakit ba ganyan ang suot mo? Nababastos ka tuloy,” galit na baling sa kanya ni Rafael.

“Wait a second, I don’t remember asking for your help. I could have handled him kung hindi ka nakialam,” inis na sagot ni Amber.

“You could have handled him?” sarkastikong tanong nito. He muttered an expletive. “For three full minutes, you two looked like you’re doing more than dancing. Ni walang espasyo sa pagitan ninyo. At kung hindi ako lumapit, baka kung ano na’ng nangyari sa ’yo.”

Napatanga siya sa sinabi nito. Bakit parang may bahid na selos at possessiveness sa boses nito? She knew that tone, dahil laging ganoon ang tono ng ex-boyfriend niyang si Walter. At iyon ang dahilan kaya siya nakipag-break sa lalaki.

“Ano ba’ng pakialam mo? Kahit na ma-rape ako in the middle of this dance floor, wala kang pakialam,” sagot niya.

He smiled and she gasped. How could he be so high handed and attractive at the same time?

“Grateful, aren’t we?” He arched a brow in her direction. “But that can be remedied.” And then he kissed her.

Iniiisip ni Amber na kaya niyang lumayo sa lalaki, but she could not move. Para siyang ipinako sa kinatatayuan. It took her a while to realize that he had stopped kissing her. She was even surprised that her arms found their way to his nape.

“Very permissive,” komento ng estranghero. Mabilis siyang kumalas sa pagkakayakap dito. And then he walked away.

Pinanood niya lang ang paglayo nito as if she was in a trance. Natauhan lang yata siya nang lumapit si Melrose.

“Hmm... I saw that.” Nanunukso ang ngiti nito.

“Umuwi na tayo, Mel,” aniya bago walang lingon-likod na humakbang palabas. Ni hindi niya nagawang magpaalam sa kaibigan niyang may kaarawan. Bakit kasi sa bar pa iyon ginanap? Pahangos na humabol sa kanya si Melrose.

“Ano ka ba naman, Amber? Nakakahiya kay Allie,” sabi nito, tinutukoy ang nagpa-party.

“She’ll understand. I need to get away and soon.” Kaagad niyang pinara ang parating na taxi. Sumakay na rin si Melrose.

“Grabe, Amber! Rafael kissed you! He kissed you!” nagtitiling sabi ng kaibigan nang makapasok sila sa apartment.

Amber looked at Melrose as if she had grown an extra head. Tahimik ito sa taxi at parang inaantok pa buong biyahe. She should have known that she’d be back to her old self on the next minute. Si Melrose, ang intrigera.

“Bakit parang natutuwa ka pang na-harass ako ng lokong iyon?”

Napalabi ito. “Harassment ba ’yun? The whole time he was kissing you, nakapikit ang beauty mo,

'no! At saka mukha namang nag-enjoy ka, aminin!"

Napahiya siya. She really enjoyed the kiss.

"So, tell me, masarap ba siyang humalik?"

"Melrose!"

"Ikaw naman kasi hindi mo pa ikuwento," maktol nito. "Nakakainggit ka. Matagal ko nang pinapantasya na mapansin ako ng mokong na iyon pero—nada! Samantalang ikaw, gosh, wagi talaga ang kagandahan mo!"

"Iwan na nga kita d'yan." Umakyat na siya sa hagdan.

"Amber, magkuwento ka naman!" habol nito.

"Tigilan mo nga ako, matulog ka na!" Tuluy-tuloy na pumasok siya sa kanyang kuwarto.

"Kill joy!" narinig niyang himutok nito.

---

Kanina pa siya nakahiga sa kama pero hindi siya dalawin ng antok.

Rafael gave up courting sleep. Naupo na lang siya at sumandal sa head board. He remembered the feel of Amber's lips against his. Hers were the softest lips

he ever had the chance of kissing. Kaya nga agad ang ginawa niyang pagbitiw rito kanina. He was sure na hindi niya na mabibitiwan ito kapag nagtagal pang nakadikit ang katawan nito sa kanya.

*Ah, Amber, you're driving me crazy...* He thought of the dress she was wearing earlier and it made him hard. Inis na tumayo siya at dumerecho sa banyo. He took a cold shower.

There were a lot of women who would eagerly share his bed but Amber was the only one he wanted. And by God, he would have her.

Samantala, nasa harap ng salamin si Amber. Katatapos lang niyang mag-shower, at ngayon nga ay pinagmamasdan ang kanyang reflection sa salamin.

Maliit ang bilugan niyang mukha. Makapal ngunit parang inayos ang kanyang mga kilay, bilugan ang kanyang mga mata na may mahahaba at malalantik na pilik. Matangos ang kanyang ilong; maninipis at mapupula ang mga labi. Mayroon din siyang dimples sa magkabilang pisngi na lalong nagpaganda sa kanya.

She stood five feet and eight inches tall. Perpekto ang hubog ng katawan niya na binagayan pa ng maputi at makinis na kutis.

She remembered the kissing incident at the bar. It made her smile at her reflection, displaying a perfect set of white teeth.

“Guwapo ka sana, Rafael Andrade. Kaya lang, kaaway ka ng Daddy. He’ll be furious kapag malaman niyang interesado ako sa ’yo. And I don’t want to defy him.” Medyo disappointed ang ekspresyong bumalatay sa kanyang mukha.

Lumapat ang kamay niya sa labi at hinaplos iyon. Hanggang ngayon, nararamdaman pa niya ang bawat galaw ng labi ng lalaki roon. Hindi iyon ang unang beses na nahagkan siya sa labi. She had been kissed a number of times before. Pero hindi ginulo ng mga halik na iyon ang kanyang sistema, di tulad ng nangyayari ngayon sa kanya dahil lang sa paglalapat ng mga labi nila ni Rafael. She had never been kissed that way before.

“I can’t have you, Rafael,” sabi niya na parang nasa harap lang niya ang kausap. Bakit ba parang maiiyak siya sa isiping hindi sila puwede nito?

She had decided na habang maaga pa ay iiwasan na niya ang lalaki. She would not want to disappoint her father. He was all she got. Mabuti pang kalimutan na niya ang attraction sa Rafael na iyon. She sighed.

## 2

“Umuwi ka kaagad dito sa Pilipinas pagka-graduate mo,” bilin ni Don Manuel sa anak nang magkausap sila sa telepono.

Two months na lang ang natitirang panahon ng kalayaan niya, naisip ni Amber. Dalawang buwan na lang at may degree na siya sa Economics.

“Baka naman puwedeng mag-stay muna ako dito kahit one month pa, Daddy?” hopeful na pakiusap niya.

“Umuwi ka kaagad. Nakatakda na ang kasal ninyo ng bago kong kasosyo.” Nanlaki ang ulo ng dalaga sa narinig. Hindi kaya nakaringgan niya lang ang sinabi ng ama?

“Ano’ng sinabi n’yo, Dad?”

“I said, after your graduation, nakatakda ka nang ikasal sa bago kong kasosyo,” pag-uulit nito.

“You can’t do that, Dad!” bulalas niya. “Hindi ninyo ako puwedeng pangunahan sa pagpili ng mapapangasawa.” May bahagyang galit sa tono niya.

“Nagawa ko na, Amber. At susunod ka sa

akin. Bagsak na ang negosyo at kailangan natin ng makakatulong. Sayang naman ang natapos mo kung wala ka nang negosyong hahawakan. You've got to help me bring the company back on it's feet. Tutulungan tayo ng kasosyo ko kapag naikasal na kayo."

She was not comforted by her father's tone. "Kaya naman ako ang ginamit n'yong pambayad? You know I love you, Dad. And I'll do anything for you, kahit na ang magpakasal sa lalaking sinasabi mo. But I want you to know na sa oras na iabot mo ang kamay ko sa kanya, namatay na ako. I'll be leading a miserable life at hindi ako magiging masaya kahit na pahigain n'yo pa ako sa pera." She hanged up on him.

Napahinga nang malalim si Don Manuel. It was the first time na sinabi ng anak ang nasa loob nito. Pero may gut feeling siya na magkakagustuhan ito at ang lalaking napili niya para rito.

Ang totoo, hindi siya talaga sang-ayon sa suhestyon ni Rafael Andrade. Pero nang mabasa niya ang sinseridad sa tinig nito ay nasiguro niyang magiging maligaya si Amber sa piling nito.

*"Mahal mo ba ang anak ko?" He needed to know his motives, para masigurong tama ang kanyang ginagawa. He wanted to know if his daughter would*



*be happy with this man.*

*“I don’t believe in love, Manuel. But if you really need to know, I am attracted to her. At sa buong buhay ko, hindi pa ako nakaramdam ng ganito. If this is what they call love, then yes, I am in love with your daughter.”*

Sa ibang pagkakataon, hindi niya tatanggapin ang naging sagot nito. But he saw something in Rafael’s demeanor na nagpakuntento sa kanya.

Sana ay hindi siya nagkamali dahil siguradong madudurog ang puso niya kapag naging miserable ang buhay-may asawa ni Amber. Marami siyang naging pagkukulang dito. Aminado siyang napabayaan niya ito mula nang mamatay ang kanyang esposa. Masasabing pinatakbo niya ang buhay nito, naging napakahigpit niyang ama. Sa kabila noon ay hindi siya nakarinig ni katiting na reklamo.

---

“Ano ba, Amber? Nagpapakamatay ka ba? Maghapon kang hindi kumain. Tingnan mo nga ang hitsura mo, mugtong-mugto ang mata mo. Sabihin mo kung may problema ka, hindi—”

Napayakap si Amber sa kaibigan. “Mel...”

Hinaplos-haplos nito ang buhok niya. “Ano ba

kasi ang problema?”

Parang ate niya na si Melrose, kahit na kung minsan ay mas mature pa siyang mag-isip kaysa rito. Dalawang taon ang agwat ng edad nila, beinte cuatro años ito at beinte dos naman siya.

“Si Daddy...” Patuloy ang pagsigok niya.

“Tigilan mo nga muna ang pag-iyak mo, at sabihin mo sa akin ang nangyari.” May bahid na ng pagkainis ang boses nito. Mataray ito kung magsalita pero hindi maitago ang concern sa tinig nito.

“Si Dad, ipinagkasundo niya ako sa bago niyang kasosyo. Pagka-graduate ko, kaagad niya akong pinauwi sa Pilipinas para itakda ang kasal namin,” pagsusumbong niya.

“At pumayag ka naman? Kailan ka ba matututong suwayin paminsan-minsan ang kagustuhan ng daddy mo? Baka naman matanda pa sa kanya ang mapapangasawa mo, ha?” Tila lalong nainis na kumalas si Melrose sa pagkakayakap niya at tinitigan siya.

“Hindi naman siguro,” pagtatanggol ni Amber sa ama. “Isa pa, he’s only trying to save our business.”

“Hindi iyon ang role ng mga anak sa mundo,

Amber. At hindi na rin uso ang arranged marriages ngayon.”

“Hindi ko magagawang suwayin ang utos ng Daddy,” mapait na pahayag niya. Bumaba siya sa kama at kumuha ng tissue sa box na nasa kanyang dresser. Inayos niya ang sarili sa harap ng salamin.

Mula roon ay nakita niyang nahiga si Melrose sa kanyang kama, pagkatapos ay bigla ring bumangon. “Ano ang plano mo ngayon?” tanong nito.

“Make the most of my freedom,” sagot niya.

Nagdududa ang tingin ng kaibigan. “Bakit parang kinakabahan ako sa sinabi mo?” tanong nito.

Umiwas siya ng tingin. “I still have two months. I swear, magiging masaya ako bago man lang ako umuwi ng Pilipinas.”

---

“Damn it, Manuel! Sana ay hinayaan mo muna akong dumiskarte sa anak mo,” inis na sabi ni Rafael.

“Wala akong nakikitang mali sa ginawa ko. Inihanda ko lang siya sa mangyayari pag-uwi niya. Hindi ko sinabi sa kanya na ikaw ang mapapangasawa niya. Maaari ka pa ring dumiskarte. Should you fail, she’s still yours.”

He would not fail, Rafael told himself. At ayaw niyang isipin ni Amber na na-trap ito sa arrangement na iyon kaya binalak niyang paibigin ang babae bago pa nito malaman ang tungkol sa kasunduan.

“Hintayin mo na lang ang tawag ko.” Pinindot ni Rafael ang end button ng cell phone.

He had to find Amber fast. Siguradong masamang-masama ang loob nito ngayon dahil sa ginawa ng ama. Natuon ang pansin niya sa bumukas na pinto.

“Pare, masyado yatang seryoso ang naiisip mo, nakakunot ang noo mo, eh,” bati ng kaibigang si Andy. Sa kabilang silid lamang ang opisina nito.

“Alam mo ba kung saan madalas sina Amber at Melrose?” tanong niya. According to Andy, lagi nitong nakikita ang dalawa sa mga bars. Ito rin ang kasama niya noong una niyang nakita si Amber.

“Balita ko, nitong huli panay ang tambay ni Amber sa *Antonio’s* kahit na hindi kasama si Melrose. Nagpapakalasing daw,” sagot nito. Inokupa nito ang upuan sa harap ng mesa niya.

Napamura si Rafael. Mabilis siyang tumayo at kinuha ang coat sa rack.

“Pare, I thought your secretary said na libre ka to

discuss these contracts I brought over. Huwag mong sabihing lalayanan mo ako?”

“Sorry, pare. Paki-check na lang ulit ng schedule ko kay Joyce,” tukoy niya sa secretary. Tuluy-tuloy na siyang lumabas.

---

Nakakunot-noo si Melrose habang pinagmamasdan ang kaibigan. Nitong nakaraang mga gabi ay panay ang lakad ni Amber kahit mag-isa. Hindi iyon dating ginagawa ng dalaga.

Kaya ngayon, sinamahan na niya ito. Gayunman, wala rin siyang magawa para patigilin ito sa pag-inom at pakikipag-flirt sa mga lumalapit ditong mga lalaki. Ang suot pa naman nito ay maikling palda at tila kinapos din sa tela ang pang-itaas nito. Hindi ito dating ganoon manamit.

“Amber, umuwi na tayo,” bulong niya.

“Teka lang, nag-e-enjoy pa ako, eh.” Halatang lasing na ang kaibigan sa tono ng pananalita nito.

“Ano ba kasi ang ginagawa mo, Amber? Kung nagrerebelde ka sa Daddy mo, ’wag mong sirain ang buhay mo!” maigting na sabi niya.

“Wala kang pakialam kung ano ang gusto kong

gawin. Kaibigan lang kita!” Alam niyang lasing ito kaya nakapagsalita nang ganoon, pero nasaktan pa rin siya. Parang kapatid na ang turing niya rito.

“Hayaan mo na siya sa akin,” anang isang baritonong tinig sa kanyang likuran—si Rafael Andrade.

Pinaikot ni Melrose ang mga mata. “At bakit ko naman gagawin iyon? What makes you any different from those jerks?” inis na sabi niya, habang tinitingnan nang masama ang isang lalaking tingin niya ay nagbabalak pang lumapit kay Amber.

Inilipat niya ang atensyon kay Amber. Mukhang nakatulog na ito sa counter table. Hawak pa rin nito sa isang kamay ang ininom na alak.

“Melrose.”

Napatingin siya kay Rafael, na kay Amber ang mga mata ng lalaki. “Kung talagang desidido kang tulungan ang kaibigan ko, puwede mo kaming ihatid pauwi. Hindi ko siya kayang buhatin,” sarkastikong sabi niya.

“Kailangan ko pang makausap si Amber.”

“You’re kidding. Nakikita mo ba ang hitsura niya? She’s dead to the world.” Sinubukan niyang gisingin

ito to prove her point. Walang reaksyon galing kay Amber.

“Listen, Melrose,” ani Rafael, “I’ll tell you kung bakit mahalagang makausap ko siya. Pero ipangako mong hindi mo ito babanggitin kay Amber.”

Tiningnan lamang niya si Rafael. “I highly doubt kung mapapayag mo akong iwanan si Amber sa iyo kahit ano pang dahilan ang ibigay mo.”

“Sabihin nating ako ang dahilan kung bakit siya nagkakaganyan,” sagot ni Rafael.

Napasinghap si Melrose. “Would you care to explain that?”

“Ako ang nakatakda niyang mapangasawa,” mahinahong sagot ng lalaki. May duda siya na may ideya na si Melrose sa problema ng kaibigan.

“Damn,” she muttered. Saglit na nakalimutan ng babae ang kaibigang inaalalayan.

Mabilis na nadaluhan ni Rafael si Amber sa biglang pagkilos nito. “You’re supposed to congratulate me, lady,” aniya kay Melrose.

“Best wishes,” she mechanically said. “I think kailangan n’yo talagang mag-usap. I trust you know what’s best for her.”

“Amber, let’s go. Iuuwi na kita,” bulong ni Rafael.

“Oh, hi there, handsome devil. Ayokong sumama sa ’yo, magagalit sa akin ang Daddy.” Sandaling natigilan ito bago muling nagsalita. “On second thought, bakit nga ba hindi? Gusto niya rin naman akong ipamigay,” she half-sobbed. Pinagmasdan nito ang baso ng inumin sa harap nito.

“Amber...” Rafael was still deciding if the woman was sober enough for a proper talk when she bitterly laughed.

“Imagine, I liked you on first sight but I told myself *no*. Hindi ako puwedeng magkagusto sa iyo. Kalaban ka kasi ni Daddy. Iyon pala, ibinenta niya na ako.” Parang naiiyak ang tono ng dalaga.

Hindi malaman ni Rafael ang gagawin—kung yayakapin ba ito o hahayaan lang itong magbuhos ng sama ng loob.

“Hindi naman siguro gano’n kasama ang ginawa ng daddy mo.” He felt stupid consoling her when he was part to blame. Ngayon lang siya nawalan ng naisip na magandang sasabihin.

Nanlilisik ang matang tumingin ito sa kanya.



“Wala kang alam sa buhay namin.”

Itinaas niya ang dalawang kamay sa harap nito, bilang tanda ng pagsuko.

“Hey, I’m sorry. Hindi naman ako ang kaaway mo, hindi ba?” natatawang sabi niya.

Hindi sumagot ang dalaga. Sa halip, umorder ito ng margarita. Sa tantya ni Rafael, marami na itong naiinom.

Bago umalis si Melrose ay sinabi nitong mahina ang alcohol tolerance ni Amber. Nagdadalawang-isip pa siya kung pipigilan ito o papayagan na lang na makatulog uli sa kalasingan. Tingin niya ay mas mahihirapan siyang kumbinsihin itong umuwi kung gising ito at nakikipag-argumento. Gusto niyang maniwala na hindi na rin sila makakapag-usap nang matino ng dalaga.

“Uminom ka rin, para may kasama ako,” narinig niyang sabi nito.

“No. One of us has to stay sober, baka mapa’no tayo sa daan,” tanggi niya.

“Don’t worry. Nand’yan naman si Mel, ihahatid niya tayo.” Hindi pa pala ito aware na nakaalis na ang kaibigan.

“Kanina pa siya umuwi, ako na’ng maghahatid sa ’yo.”

Napakunot ang noo ni Amber, hindi yata makapaniwalang iniwan ito ng kaibigan. Nagkibit-balikat lamang ito nang matiyak na hindi siya nagbibiro.

“Uminom ka na rin. Malungkot uminom nang mag-isa. Sige na, kahit na dalawang shots lang para friends na tayo,” parang batang ungot nito sa kanya.

Kung sabagay, naisip ni Rafael. Hindi naman malaking bagay ang hinihingi ng babaeng pakakasalan. Umorder siya ng whiskey sa bartender.

“Ayan! Ambait mo pala,” pumapalakpak pang sabi ng dalaga. Sumandal ito sa kanya, and he caught a glimpse of her eyes. Parang inaantok na ito; gulo na ang mahaba at wavy nitong buhok na kanina ay maayos pang nakatali. But Lord! She was still a sight to behold! And he felt seduced just by looking at her lovely face. Pinagalitan niya ang sarili. Tama bang pagnasaan niya ang babaeng ni wala sa sariling huwisyo?

Nakatatlong shots na siya ng whiskey pero wala pa yatang balak tumayo ang babae.

“Amber, tama na iyan.” Pinigil niya ang tangka

nitong pag-order pa ng alak.

“Gusto ko pang uminom.” Halos nakapikit na ito sa sobrang kalasingan.

Mahinang napamura si Rafael. “Enough,” mariing sabi niya. Para namang nagulat ang dalaga sa tonong ginamit niya. It was laced with authority. Ini-order niya ito ng black coffee pero ayaw nitong inumin iyon.

“Mapait!” angal ng babae. Hindi niya malaman kung matatawa o maiinis sa gawi nito.

“Inumin mo iyan para mawala ang kalasingan mo,” mahina niyang utos.

“No!” Sinabayan pa nito iyon ng malakas na pagiling, muntik na tuloy itong mahulog sa mataas na kinauupuan. Mabuti na lang at naagapan niya.

“Kung talagang ayaw mo, umuwi na tayo.”

“Fine!” Muntik na itong matumba nang bigla itong tumayo. Mabilis siyang nakaalalay. Ngunit nang maglapat ang kanilang katawan, napahugot siya ng hininga, lalo na nang mapatingin sa mukha nitong ilang pulgada lang ang layo sa kanya.

“You’re going to have one hell of a headache tomorrow, Sweetheart. See, you can’t even stand on

your own feet.” He grimaced.

“Yeah, I’m so drunk.” She swayed and he had to hold her tighter against him. “Know what, I feel lightheaded. I feel like flying.” Hindi maintindihan ni Rafael kung kumakanta ba ang dalaga. “So drunk and so horny...”

# 3

Napamulagat si Rafael sa sinabi ng dalaga. Lalo na nang halos maglambitin ito sa batok niya.

“What did you say?”

“I said, I’m drunk and horny. Didn’t you hear it?” Mapupungay ang mga matang nakatingin sa kanya. And damn! Those eyes could seduce a saint. Alam niyang lasing lang ang dalaga, pero bakit nate-tense siya at nanigas ang katawan niya? Umiling-iling siya, as if it would help clear his mind.

“You’re drunk,” mahinang sabi niya.

“I am horny, too. Take me with you, ayokong umuwi sa apartment namin.” Nasa kanya na ang buong bigat ng dalaga. Not that she’s heavy. Pero iba ang nagiging reaksyon ng katawan niya sa pinaghalong amoy ng alak at pabango nito.

“Kailangan mo nang umuwi, mag-aalala si Melrose,” aniya habang iniuupo ito sa passenger seat ng kanyang sports car. Ikinakabit niya ang seatbelt nito nang maramdaman ang marahang pagtulak ng dalaga.

“Wait, I need to puke.” Tuluy-tuloy na lumabas ito sa kotse at tumakbo sa malapit na damuhan. Hinagud-hagod niya ang likod nito at iniabot ang malinis niyang panyo pagkatapos. Inalalayan niya ito pabalik sa kotse. Ilang minutong hindi niya muna iyon pinatakbo.

“I’m okay now. Tara na sa bahay mo,” sabi nito, nakapikit ang mga mata.

“Sure ka ba na sa akin tutuloy?” tanong niya. Nang tumango ito ay saka lang niya pinaandar ang sasakyan. In fifteen minutes, narating nila ang bahay niya.

---

“Wow!” Kahit na lasing at nahihilo si Amber ay namangha siya sa laki ng bahay ni Rafael. He lived in a mansion in New York City. He must really be a big time businessman. “May kasama ka ba rito?”

“Wala akong stay-in na katulong, kung iyon ang gusto mong malaman,” sabi nito habang binubuksan ang pinto ng bahay. “You could use that bathroom.” Itinuro nito sa kanya ang isang pinto.

Lalapit sana siya roon ngunit hindi siya makalakad nang derecho. She heard him curse. Nilapitan siya nito at inalalayan papunta sa banyo.

“Iwan mo na ako. Okay na ako dito,” she said. Tila duda pa rin ito na iwanan siyang mag-isa. “I swear I can manage.” Saka pa lang ito umalis.

Napatingin siya sa paligid ng banyo. Napakaluwang niyon at kompleto sa amenities. She slowly took off her dress at pagkatapos ay nag-shower. Natanggal ang pagkalasing niya nang maramdaman ang maligamgam na tubig na tumama sa kanyang katawan. Matagal siyang nagbabad sa ilalim ng shower. Nangungulubot na ang kanyang mga daliri nang patayin niya ang tubig. Isinuot niya ang robe na nakita niyang nakasabit sa towel rack. Nakakita rin siya ng ilang toothbrush na naka-seal pa. Nagsepilyo siya at lumabas na ng banyo.

---

Sinamantala ni Rafael ang pagpasok ni Amber sa banyo para tawagan si Melrose. Hindi mahirap kausap ang babae at agad nitong naintindihan ang sinabi niya.

“Ingatan mo ang kaibigan ko, ha?” bilin nito pagkatapos ay nawala na sa kabilang linya. Noon lumabas si Amber sa banyo.

Halos matulala siya sa kagandahang nasa kanyang harapan. Her face was devoid of makeup,

but it only enhanced the innocent look she had. Hindi niya alam kung dahil lasing ito o talaga lang namula-mula ang balat ng dalaga kaya kulay-rosas ang mga pisngi nito.

“Are you through staring at me?” tanong nito.

Hindi siya sumagot. Sa halip ay itinuloy ni Rafael ang pag-aaral sa anyo nito. Malaki rito ang roba niya, but it only made her look sexier. He felt himself grew rock hard with want. He tensed when she walked toward him. She was now only a few inches away from him. Her mesmerizing eyes stared deeply into his.

“After you’re done staring at me, you can start making love to me.” Hindi pa rin yata nawawala ang epekto ng alcohol sa kanya kaya niya nasabi iyon.

“No. Bukas, ni hindi mo maaalalang ginawa mo ito. And you would die of embarrassment,” ani Rafael, kunwa’y di apektado.

“Kapag hindi mo ginawa, hahanap ako ng iba.”

Nagtagis ang mga ngipin ng lalaki sa galit.

“I’m serious,” susog pa ng dalaga.

“Hindi mo gagawin ’yan.” He could wring her neck. Where in hell did she learn about seduction?



Naningkit ang mga mata niya, inaarok kung seryoso ang babae. “Ganyan ka na ba kadesperada?”

“Oo. And I think you’re taking too long. Sabihin mo na kung ayaw mo. Perhaps you don’t find me attractive enough. You don’t want me? Sabihin mo lang para makahanap ako ng iba,” matapang na pahayag ni Amber kahit na ang totoo ay nanghihina na siya at gusto niya nang maiyak sa hayagang pagtangga ng lalaki.

Dalawang buwan na lang at uuwi na siya ng Pilipinas para magpakasal to some faceless rich guy. Mabuti nang ang lalaking ito na pinili niya ang makauna sa kanya. At least, kusa niyang ibibigay ang sarili kay Rafael Andrade.

Malabong ganoon ang maramdaman niya sa lalaking nais ng ama na kanyang pakasalan. Kung gagawin man niya iyon, tinitiyak niyang dahil lang sa obligasyon niya bilang asawa.

Nagulat siya nang bigla siyang haltakin ni Rafael sa baywang. Namumula sa galit ang mukha nito.

“You hardheaded tease!” He caught her lips in a rough kiss. Nasasaktan siya ngunit hindi niya ito pinigilan. Ayaw niyang magbago pa ito ng isip. “I find you too beautiful, too attractive and too desirable...

and I'm afraid I'll ravish you. You are so fragile..." The next time his lips descended on hers, it was so gentle that she almost cried.

---

Rafael scooped her into his arms and made a way to his room. Maingat na inilapag niya sa ibabaw ng kama si Amber. He stared at the beauty lying on his bed. She was a goddess clad in his bathrobe. He groaned and joined her in bed. He started kissing her again. He couldn't get enough of her sweet lips. When she returned his kisses, he was lost. Agad niyang pinutol ang pagsasanib ng kanilang mga labi.

"Please tell me to stop while I still can," hiras na pakiusap niya.

"No," she said. Hinuli nitong muli ang kanyang batok.

"Amber," his lips hovered over hers, "you must understand. Binibigyan na kita ng pagkakataong umatras ngayon. Because from hereon, there will be no turning back," pagpapaintindi ni Rafael.

"Hmm... yes, I understand." She licked the contour of his lips that he almost went mad. He kissed her wildly kasabay ng pagtanggap sa buhol ng robe nito.

Gustong mapahiya ni Amber nang hawiin ng binata ang suot niyang roba. Tinangka niyang takpan ang sarili ngunit pinigilan siya ng lalaki.

“You are perfection,” sabi nito. He touched her all over that she thought she would die of pleasure. Nagkakandabuhol-buhol na ang kanyang paghinga. Next thing she knew, he was stripping and then he was naked.

Kung totoo ang mga Greek gods, she would think that Rafael Andrade was one. He was bronze and muscled all over. Napalunok siya nang makita ang kahandaan nito. Then he was in bed, giving her more pleasure. His first thrust hurt her, pakiramdam niya ay nahati ang kanyang katawan sa dalawa.

“You’re a virgin?” Talagang nagulat si Rafael sa natuklasan at hindi niya ine-expect ito. Amber had been in New York since she was seventeen. And in a permissive place like New York, twenty-two-year-old virgins were rare. More so if they looked like Amber.

At the exact moment, tenderness overcame him.

“No, please don’t stop! Please...” Hindi alam ni Amber kung ano ang malinaw na hinihiling niya sa lalaki. “If you stop now, I swear I’d get out of this house and ask the first man I meet to break that

barrier.”

He gritted his teeth in anger. He fought for control.

“You... won’t do that. Because you’re mine, Amber, entirely and exclusively mine,” mariin niyang sabi. And with one powerful thrust, he possessed her completely.

She screamed in pain. Halos bumaon ang kuko niya sa likod ng binata. Rafael paused, waiting for her body to adjust to his size and invasion. He felt like he was finally home. He’d been to many places, but he had never felt any real sense of belonging... until now—to this woman. Bahagyang iniangat ni Amber ang balakang, trying to ease the pain.

“Sweetheart, don’t do that,” nahihirapang sabi ni Rafael.

He started to move, slowly at first and then harder, faster and deeper hanggang parang mababaliw na siya. Hindi alam ni Amber kung kailan nawala ang sakit, she just knew that it was replaced with pleasure.

“Reach for it, Amber. I’m going to give it to you,” narinig niyang sabi ni Rafael. And then there was an explosion of colors. With one last thrust, he joined her into oblivion. Humihingal pa ito nang bumaba

sa tabi niya.

“You’re going to hate me tomorrow, Amber,” nasabi ng binata. Ngunit hindi na kumibo ang dalaga. Nakatulog na ito.

Napabuntong-hininga si Rafael. He watched her sleeping... *his* Amber. Kinumutan niya ang babae hanggang balik at saka hinawi ang ilang hibla ng buhok na tumakip sa mukha nito. She looked so peaceful. Nagsumiksik sa kanya ang dalaga and he knew that he could spend the night watching her sleep. Hindi niya namalayang nakatulog din pala siya.

---

Amber woke up with that tender feeling and she remembered everything. Agad niyang nilingon ang katabi, napangiti siya nang makita ang tulog na tulog na si Rafael. She did not regret what they did. She knew her father would be furious na sa isang kaaway pa niya ibinigay ang sarili. But she did not care.

She looked at him again. Rafael was gorgeous even in his sleep. Nawala ang seryosong ekspresyon nito sa mukha at tila lalong bumata ang hitsura.

Hindi sinasadyang napatingin siya sa relo. Mag-a-alas-cinco na ng umaga! Agad na napabangon siya. Siguradong naghihintay na sa kanya si Melrose!

Aktong bababa na siya ng kama nang biglang may humawak sa isa niyang balikat. Agad na hinablot niya ang kumot at tinakpan ang hubad na katawan. She heard him chuckle.

“I’ve seen it all last night, ano pa ba ang itinatago mo?” came the husky voice. “Where are you going?” tanong nito. He looked well rested and... delicious.

“Uwi na ako. Baka nag-aalala na sa akin si Melrose.” Hindi siya makatingin nang derecho sa lalaki.

Pumormal si Rafael. “Look at me.” Iniangat nito ang kanyang baba, forcing her to meet his probing gaze. “Bakit hindi ka makatingin sa akin?”

“Tinatanong pa ba ’yon? I acted like a wanton...” mahinang sabi niya. Rafael saw her flush and he was amused. He didn’t dare laugh, lest it embarrass her more. He held her gaze.

“Amber...” Even her name sounded like a carress from his lips, “there was nothing shameful about what we did. You wanted me and I wanted you, so we had each other.”

“But it was wrong,” giit niya.

“Why was it wrong?” Derechong tumingin sa

kanya si Rafael. Naumid ang kanyang dila. Hindi siya pinilit nito kagabi, siya pa nga ang namuwersa kung tutuusin. Ano ngayon ang iniaarte niya?

As if reading her mind, napangiti ito, showing his perfect set of teeth. Hinila siya nitong muli pahiga. And in a matter of seconds, he was above her and kissing her again.

“Raf, naghihintay sa akin si Melrose,” she said.

“At this ungodly hour? You must be kidding, sweetheart. Saka na kita ihahatid.” And then he proceeded to love her. She was only allowed to sleep nang mataas na ang araw.

Alas dos na ng hapon nang ihatid siya ng binata. Nahihiya man kay Melrose ay wala na siya nagawa nang tumuloy rin si Rafael.

“About time you two showed up. Ilang oras na kayong nawawala, ah.” Pilya ang pagkakangiti ng kaibigan. Namumulang nag-iwas siya ng tingin.

“Inihatid ko lang si Amber. I have an important meeting at three,” ani Rafael. Gusto na niyang mapahiya, naging abala pa tuloy siya sa binata. Nagulat siya nang magaan siyang halikan nito sa mga labi. Sumaludo ito sa kanila ni Melrose bago lumulan sa kotse nito. Tulalang pinanood niya ang paglayo

ng sasakyan nito. Nang mawala iyon sa kanyang paningin, naramdaman niya ang pagsiko ni Melrose. Parang naka-plaster na ang nanunuksong ngiti sa mga labi ng kaibigan.

“Ano ang ibig sabihin ng nakita ko? Nagkakamabutihan na ba kayo?” tanong nito.

Lalo siyang naguluhan. Ano nga ba ang ibig sabihin ng namagitan sa kanila ni Rafael? May nagbago ba sa buhay niya? Hindi ba pagkatapos ng dalawang buwan ay uuwi siya sa Pilipinas para sundin ang kagustuhan ng ama? Nasaan si Rafael sa buhay na iyon? Most importantly, nasaan siya sa buhay ng lalaki?

“Mel, alam mo na pag-uwi ko sa atin, ikakasal na ako.”

“Hindi mo kailangang gawin ’yon kung talagang hindi mo gusto.”

Napailing si Amber. “Hindi ko kayang suwayin si Daddy, Mel. At lalong hindi ko siya kayang saktan. Siguradong magdaramdam siya oras na malaman niyang si Rafael Andrade ang sinamahan ko.”

Saglit siyang natigilan. Rafael simply wanted her, wala itong ipinangakong anuman sa nangyari sa kanila kagabi. Hindi naman niya inaasahan iyon



buhat dito. So she had no business thinking he would have her, sakali mang suwayin niya ang kagustuhan ng ama.

“Do I need to see posters for details?” tanong muli ng kaibigan, may balak mag-usisa sa nakita nito.

“Labas tayo mamaya,” sa halip ay sabi niya.

“Amber, ano ba ang nangyayari sa 'yo?” Sinundan siya nito sa paakyat sa kanyang kuwarto. “In case you don't remember, nandito ka para mag-aral, hindi para gumimik.”

“Masama ba'ng lumabas? Ikaw na rin ang nagsabi sa akin noon that I should enjoy my freedom while it lasts, sinusunod lang kita.” Hinarap niya ang closet at pumili ng damit na isusuot. She had a class at four.

“Hindi ko sinabing magwala ka at sirain ang buhay mo,” angil ni Melrose. Pumasok pala ito sa kanyang kuwarto. Parang wala siyang naririnig sa mga sinasabi nito.

She wanted to go out, to unwind, walang masama sa gusto niyang gawin, katuwiran niya sa sarili. She wanted to forget about her father... about Rafael. Attraction lamang ba ang nararamdaman niya sa lalaki? Sapat ba iyon para ipagkaloob niya

rito ang sarili?

Hindi niya iyon ginawa para paghigantihan ang kanyang ama. Or did she? Kung ganoon, bakit parang siya pa ang nahulog sa sariling patibong? Natatakot siyang aminin na gusto niya ang namagitan sa kanila ni Rafael. At the same time, she wanted to forget that it ever happened.

But why did she feel so attached to Rafael? Did he feel it too? Naipilig niya ang ulo. Why would he? Rafael Andrade was a man of the world, why would a tumble in bed with her mean something to him? At kung wala itong pakialam, ganoon din dapat ang maramdaman niya.

Nagulat siya nang makitang nasa harapan niya si Melrose.

“Kapag bumalik ka na sa matino mong pag-iisip, ’wag mong sabihin na hindi kita pinaalalahanan,” inis na sabi nito bago lumabas. Hindi niya gustong magalit sa kanya ang kaibigan. Para na niya itong kapatid. Pero nauunawaan niya ito. Siya man ay disappointed sa sarili.